mga babalang palatandaan

Kahit pa maraming mga malulubhang sakit sa mata ang walang nakikitang hayag na mga palatandaan o sintomas – isang masusing pagsusuri ng isang doktor sa mata o optometrist o ophthalmologist lamang ang natatanging paraan upang makatiyak na malaman - ang magulang ang maaaring unang makaalam ng mga maagang palatandaan ng ilang mga problema sa mata ng isang bata. Ang mga palatandaan ay kabilang ang:

- napakalapit na pag-upo sa harapan ng telebisyon
- paghawak ng mga bagay-bagay na masyadong malapit
- pag-iwas sa mga palaisipan o puzzles, libro, pagkukulay o iba pang gawain na pangmalapitang distansiya
- pagtatakip sa isang mata tuwing tumitingin sa isang bagay na malapit
- paninigas ng katawan kapag tumitingin sa malayong bagay
- kulang sa konsentrasyon
- kapansin-pansing pagkabigo o di maipintang mukha
- sobrang pagkurap o pagkukuskus ng mata
- pagtagiligid o pagkiling ng ulo o di karaniwang postura ng katawan
- kakulangan sa partisipasyon
- pagganap ng mababa sa kakayahan
- pagdaing ng pananakit ng ulo, panlalabo o pagdodoble ng paningin o panghahapdi at pangangati ng mga mata.
- kapansin-pansin na walang kakayahan sa pagsalo, pagbuo, pagbalanse o paggawa ng ibang gawain na may kaugnayan sa koordinasyon ng mata't kamay
- sobrang pagka-aktibo o maigsing panahon na makapag-tuon-pansin (short attention span)



absee™

programa para sa paningin ng mga bata ng BCAO

Ang kalusugan ng mata ng inyong anak

Upang makahanap ng optometrist na malapit sa inyo, Bisitahin ang
www.absee.ca
o tumawag sa 1.888.393.2226.



British Columbia Association of Optometrists
Suite 502 - 1755 West Broadway, Vancouver, BC, Canada V6J 4S5
Walang bayad o Toll free: 1.888.393.2226

[Filipino]

British Columbia Association of Optometrists

Programa ng Samahan ng mga Optometrist sa British Columbia na sinusuportahan ng

ESSILOR
www.essilor.ca

Tumitingin sa inyo ang inyong anak. Subalit kung paano talaga ang pagkatingin nila sa inyo ay maaaring iba sa akala ninyo.

Isa sa bawat limang bata ay may problema sa paningin. Dahil sa hindi pagkaalam sa kaibahan, marami sa mga kabataang ito ang tumatanggap na ang malabong paningin at iba pang karamdaman sa mata ay normal. Kapag ito ay napabayaang hindi natingnan, maaari itong magkaroon ng mas malala na pangmatagalang epekto.



Kapag tungkol sa paningin ng inyong anak,

ano ang higit na mahalaga?

Aking nakikita. Aking natututuhan.

Mahigit walumpung porsyento ng mga natutuhan ng isang bata ay batay sa kanyang mga nakikita. Kapag ang mga problema sa paningin ay napabayaang hindi magamot, ang mga kabataang may malaking potensyal na matuto ay naiiwang nahuhuli sa pagkatuto. Maaari din silang maging mapagsarili na ayaw makisalamuha sa iba or kaya ay mapanggulo.

Hindi lahat ay agad na nakukuha ang koneksiyon. Ang ilang mga bata na may mahinang paningin ay napagkakamalan at tinatawag na walang kakayahang matuto. Sa katunayan, isa sa bawat anim na batang nadayagnos na may problema sa pagkatuto ay mayroon palang problema sa paningin na maaari namang magamot.

Kapag natuklasan, ang mga kalagayang ito ay maaaring maiwasto ng isang doktor sa mata (optometrist o ophthalmologist). Ang mga doktor sa mata ay kadalasang nagbibigay ng preskripsiyon na pangwastong salamin sa mata o tinatawag na "vision therapy" upang agad na makahabol sa pag-unlad ng ibang kabataan ang mga batang ito na nasa murang gulang.

Pagsusuri sa mata ay kailangan

Ang pagdadala ng inyong anak sa isang doktor sa mata para sa isang komprehensibong pagsusuri sa mata ang siyang pinakamahalagang magagawa ninyo para sa kalusugan ng inyong anak.

Matatapos ng doktor sa mata ang pagsusuring ito kahit hindi pa natututunan ng iyong anak ang alpabeto. Ang doktor sa mata ay maaaring gumamit ng mga hugis, larawan ng hayop at iba pang paraan na magugustuhan ng bata na makapanunuri ng kalagayan at kalusugan ng paningin.

Ang mga pagsusulit sa mata na ibinibigay ng doktor ng pamilya, halimbawa, ay may limitasyon sa pagtatasa sa pangkalahatang kalusugan ng mata. Maraming seryosong kalagayan ng mata ang walang mga hayagang palatandaan o sintomas. Ang masusing pagsusuri ng mata ng isang doktor ng mata ang siya lamang paraan upang malaman na tiyak.

Mga karaniwang kalagayan ng mata

Iba't ibang kasanayan ng paningin ang kailangang magtrabaho nang tugma-tugma upang ang inyong anak ay malinaw na makakita at makaunawa. Kapag may alinman sa mga kasanayang ito ang nawala sa kondisyon, ang pag-unlad ng pagkatuto ng inyong anak ay lubhang maaapektuhan.

Ang pagiging "nearsighted", "farsighted" at panlalabo ng mata o "astigmatism" ang siyang mga pinakakaraniwang kondisyon ng paningin sa mga kabataan. Ang paggamot ng pagkabanlag o pagkaduling sa isang batang nasa murang edad ay kritikal dahil ang mga problemang ito ay mahirap gamutin - at kadalasang imposibleng iwasto habang nagkakaedad ang bata.

Ang malabong paningin ay pangkaraniwan din at kadalasang hindi natutuklasan sa ginagawang pangkalahatang pagsusulit sa mata. Ang kumpletong pagsusulit sa mata ay kailangan upang malaman ang mga problema sa paningin kabilang ang: kahirapan sa koordinasyon ng mata, pagkaduling o "turned eye", depekto sa paggalaw ng mata, kahirapan sa pagtutugma ng kamay at mata at kahirapan sa pagkontrol ng atensyon.